

1

“Jade...” marahang tinig ang nagpagising kay Jade mula sa malalim na tulog.

Napabalikwas siya at tiningnan ang oras sa cellphone na ipinatong niya nang nakaraang gabi sa ibabaw ng side table.

Napahiyaw siya kasabay ng halos nagmamadaling pagbangon mula sa kama. Binuksan niya ang pinto ng silid at bumungad si Tita Jenna, ang ina ng kanyang best friend.

“Ano’ng nangyari? Kanina pa kita hinihintay na bumaba, eh.”

Nag-aayos siya ng kamang tinulugan habang sinasagot ito. “Akala ko po nasa Makati ako,” aniyang pigil-pigil ang sariling mapamura. Dapat talaga bumangon na siya kanina, hindi sana siya nape-pressure ngayon.

Normally, dahil alam niyang ten minutes advance ang oras ng cellphone niya kumpara sa opisinang pinapasukan, pinapayagan niya ang sarili na mag-inin muna sa kama kaysa bumangon kaagad pagka-alarm niyon. At ganoon ang ginawa niya kanina. Nawala

sa isip niyang wala siya sa condo unit niya kundi sa bahay ng kaibigan sa San Simon, Pampanga. Kung hindi siya kikilos nang mas mabilis, malamang mas matindi kaysa karaniwan ang traffic na susuungin niya.

“Ako na ang magtutuloy niyan. Sige na’t maligo ka na,” sabi ng ginang. “Siguradong di ka na mag-aalmusal niyan. Ipagbabalot kita kahit sandwich. Baka gutumin ka sa daan,” anito.

“Salamat po, Tita.” Mabilis na siyang pumasok sa banyo. At habang nagkukuskos ng loofah, napapalatak siya sa inis sa sarili.

Dapat kasi, ginawa na lang niya ang unang balak na hindi pag-attend sa kasal ng college friend niyang si Chin-Chin. Kaso, nahiya siyang indyanin ang imbitasyon nito.

Siguro dapat lumuwas na lang siya nang nagdaang araw pa at hindi nagpapilit kay Tita Jenna, ang ina ni Chin-Chin, na roon magpaumaga. Pero muli, nahiya siyang tumanggi sa ginang. Noon kasing magkaklase pa sila ng kaibigan, kada summer ay nandoon siya at parang pangalawang ina na ang turing niya rito.

Hiya rin ang dahilan kaya kahit alam niyang

dapat ay mas maaga siyang natulog ay hindi siya nagpaalam kaagad sa ina na ka-chat niya nang nakaraang gabi, matapos ang ilang buwan ng kawalang komunikasyon.

Sa Portland, Oregon na nakabase ang inang si Connie mula pa nang maghiwalay ito at ang daddy niya noong twelve years old siya. At base sa ibinalita nito sa kanya noong nakalipas na gabi sa *Yahoo Messenger*, magpapalit itong muli ng apelyido for the third time three months from now. Yes, after two failed marriages, mag-aasawa muli ang kanyang ina. Ramdam niyang excited itong magbalita tungkol sa nangyayari sa buhay nito so in-indulge niya ito.

At heto ngayon ang consequence ng pagpipilit niyang maging mabait na kaibigan, anak-anakan, at anak. Sa paggising niya nang tanghali, siguradong lalampas siya sa dapat ay one hour lang na biyahe mula rito hanggang sa opisina nila sa Ortigas. Siguradong traffic na sa EDSA pagdating niya roon.

Para kay Katherine Jade Fernandez, traffic at tardiness ang pinaka-hate niyang bagay. Susunod doon ang iba pang bagay na maaaring magdulot ng delay sa kanya. Kaya inis din siya sa mga makupad kumilos.

May training pa naman siya on handling objections

sa mga tao niya ngayong umaga; nakakahiya kung siya pang manager—at mahigpit sa lates, at that—ang male-late.

Muli siyang humiyaw sa inis saka marahas niyang hinila ang tuwalya sa rack mula sa isang panig ng banyo at mabilis na nagtuyo ng sarili. Nagsuot siya ng roba at humarap sa salamin.

Mabuti na lang at maiksi lang ang buhok niya kaya hindi kailangang matagal na ayusin. Wala rin siyang ina-apply sa mukha na kung anu-ano. Para kasi sa kanya, dagdag hassle lang ang mga iyon.

Hindi man siya beauty queen type, alam niyang hindi siya pangit. Dahil doon, hindi na niya kailangang masyadong magpaka-vain. Isa pa, sa kanyang opinion, superficial ang kagandahang panlabas. Mas importante ang laman ng utak.

Ilang minuto lang, lulan na si Jade ng green *Toyota Altis* na incentive ng kompanyang pinapasukan niya at nagmamaniobra na ng sasakyan sa aspaltadong daan.

Sa edad niyang twenty-five, siya na ang pinakabatang area sales manager ng *Reliance Plans*, isang multinational pre-need company. It's a heck

of an achievement; pero may iba pa siyang gustong marating. Ang target niya ay maging regional sales manager by next year. Kapag nangyari iyon, puwede na siguro siyang bumili ng sarili niyang bahay at lupa gaya ng pangarap niya.

Hindi mukhang imposible dahil pangalawa sa may pinakamalaking sales ang area niya at sa tingin niya, kayang-kaya niyang maging number one. Basta husayan lang niya ang pamamalakad at pagmotifyate sa kanyang mga subordinates.

Speaking of which, kailangan niyang makarating sa opisina sa Ortigas in exactly twenty-two minutes para five minutes early siya bago ang training na siya mismo ang magpa-facilitate. Siyempre kailangang siya ang maging modelo ng mga tao pagdating sa punctuality.

Sana lang walang gaanong traffic. Inabot niya ang kanyang *iPod* na nakakabit sa speakers at binuksan iyon. Pinuno niya iyon ng pulos rock at alternative songs, which never ceased to give her the adrenaline rush. Tamang-tama para sa kanya na dalawang lagok lang ng kape ang nainom kanina. Ang plano niya ay magpabili na lang pagdating niya sa opisina.

Marahang naghe-headbang pa siya at naki-duet sa first ever crush niyang si Kurt Cobain, nang biglang

tumunog ang cellphone niya. Shucks, nalimot niya palang ikabit sa headset. Gamit ang isang kamay, kinapa niya ang laman ng bag at hinagilap mula sa mga gamit ang *BlackBerry* niya. Matapos ang ilang subok, nakuha niya rin sa wakas ang tamang aparato. Sinilip niya saglit ang pangalan ng caller—*Boss Kirk*. Iyon ang kanilang general manager.

Hininaan niya ang volume ng radio at pinindot ang ‘answer’ button ng cellphone.

“Hello, Boss?” Lihim siyang sumilip sa wristwatch; maaga pa naman. Ano kaya ang kailangan ng superior niyang kilalang bugnutin at matalim na magsalita?

“Where the hell are you?” untag nito, mukhang bad mood. Nag-iisip pa siya kung sasabihin dito ang totoo na nasa Pampanga siya nang idugtong na nito kaagad, “Make sure you’ll be here within thirty minutes, Jade. You have a lot of explaining to do.”

“But, Boss, I don’t think that’s possible.” Kahit pa magkamilagro at abutan niyang walang traffic sa Balintawak at EDSA, hindi siya aabot sa Ortigas nang ganoon kabilis. “I’m here in—”

“Make it possible!”

“But—” Bago pa niya maituloy ang katuwiran, nag-hang up na ang kanyang kausap. “Bastos kang

‘Kano ka! Buwisit!’ gigil na himutok niya.

Gusto niyang ihagis ang cellphone sa inis. Kahit alam niyang sadyang ganoon ka-moody si Boss Kirk, wala siyang maisip na dahilan para tratuhin siya nitong ganoon. Sa laki ng perang iniaakyat sa kompanya ng mga deals na kino-close niya at ng mga tao niya, palagay niya, she had earned his respect.

Mataas pa nga ng seven percent ang sales nila nang nagdaang araw kaysa sa daily target nila. Ano ang problema nito? Humanda ito mamaya kapag nagkaharap sila. Ipapamukha niya rito ang benta nila.

Muli niyang nilakasan ang volume ng radio. There is never a better way to release anger than this way: headbanging while singing a rock song with her lungs out.

Isa sa secret fantasies ni Jade ay ang maging rock star. Pero hanggang pantasya na lang iyon dahil galing sa pag-sales talk at pagko-close ng deals ang binigay sa kanyang talent sa halip na sa pagkanta.

Sa malas naman, may ginagawang linya ng tubig sa major road kaya kailangan niya pang mag-detour. Nang makawala sa masikip na daan at marating ang national road, tumapak siya nang mariin sa accelerator. Subalit napalitan ng panic ang expression

sa mukha niya nang makita ang biglang sumulpot na isang batang nagba-bike mula sa isang iskinita sa harap niya. Babangga siya rito!

Kasabay ng malakas na hiyaw, minaniobra niya ang kotse paiwas dito at sumalpok siya sa isang kotseng naka-park sa labas ng isang coffee shop.

“Holy cow!” bulalas ni TJ Arcaraz nang maramdaman ang bahagyang pag-alog ng kotseng sinasakyan.

Kasasakay pa lamang niya at sisimulan na sana ang mahaba-haba rin niyang biyahe nang makarinig ng ingay at maramdaman ang pagbangga sa likuran ng kotse na kabibigay pa lang sa kanya ng ama as birthday gift last month.

Mabilis na bumaba siya at siniyasat ang *BMW* na iilang buwan pa lang niyang ginagamit. Bagaman nagagalit ay kimkim ang inis na sinipat niya ang kotse.

Napahilamos siya sa mukha nang makitang may malaking kupa sa trunk at mahabang linya ng gasgas. Sa isip ay ini-estimate na niya ang gagastusin sa pagpapagawa niyon. Kaya nga ba ayaw na ayaw niyang magkotse ng gaya nito, masyadong high-

maintenance. Kung hindi siya binilhan ng ama, hindi talaga siya magkakaroon ng ganoon.

Mahinahon na nilapitan niya ang *Toyota Altis* para kausapin ang salarin. Sa height niyang 6'3", kailangan niyang yumuko bago katukin ang window sa tapat ng driver na parang wala yatang balak na babain siya. Ang plano niya ay pagsabihan ito nang mahinahon gaya ng nakasanayan niya. Naniniwala siya sa compromise at negotiation.

Pero nang bumaba ang bintana at isang pares ng bilugang mata ang unang nakita niya, parang nalunok niya ang dila. Hindi rin siya nakakilos mula sa pagkakayuko kaya kaagad napuno ang baga niya ng mabining pabango ng estranghera na parang gustung-gusto ng ilong niya.

"I'm sorry, Mister..." Alam niyang may iba pa itong sinasabi, pero hindi niya iyon naintindihan dahil natuon ang atensyon niya sa maliliit na labi nitong kumibot-kibot. Wala iyong lipstick, sigurado siya; sadya lang na mapula. He appreciated its shape as well, maging ang maputing front teeth na bahagya niyang nasisilip.

Ilang sandali siyang fascinated na nanood sa galaw ng mga labi nito. And then, napansin niyang naglapat iyon, senyales na tapos na itong magsalita.

His gaze swept up her cute nose up to her round black eyes—na galit ngayong nakatingin sa kanya.

“Nakikinig ka ba?” pagtataray na ng babae. Nakaarko na ang isang kilay nito. Strange but even her voice sounded appealing in his ears.

Hinamig niya ang sarili. Hindi pa siya umakto nang ganito sa harap ng isang babae sa tanang buhay niya. “I’m sorry,” aniya. Saka naalala ni TJ na ang magandang babaeng ito ang may atraso sa kanya. Itinuwid niya ang tayo at sinalubong ang mga mata ng estranghera. “I’m sorry but I think, kung mayroon sa ating may karapatang magalit, ako ‘yun.” Hindi siya nagtaas ng boses ngunit bakas ang authority sa tono niya.

“Kaya nga ako nag-a-apologize, eh. Hindi ka naman nakikinig!”

His brows rose. Naliliitan ba ang babaeng ito sa kanya? Ngayon lang siya nakakilala ng taong ni hindi binakasan ng kaba ang mukha matapos niyang gamitan ng ganoong tono. “For someone apologetic, your tone sounded weird in my ears.”

“Baka me diperensya ang tainga mo,” pabulong na tugon nito. Sasagutin niya sana iyon na masyadong malakas ang car music nito, pero napansin niya ang

marka sa noo nito.

“Namumula ang noo mo,” concerned na sabi niya.

Sinilip nito ang sarili sa salamin at dinama iyon ng daliri. “Wala ‘yan, nauntog lang.” Naramdaman niya ang pagkanti nito ng kung anong malambot sa braso niya na naabot nito. “O, kuhanin mo na ito at nang makaalis na ako.”

Noon lang niya napansin ang kamay nito at parang may iniaabot sa kanya. Base sa kulay ng pera, nahulaan niyang si former President Manuel Roxas ang nasa isang side niyon.

Inabot niya ang buong kamay nito and was surprised at its softness. Hindi pinansin ang tila pagkagitla ng babae, ni ang init na gumapang paakyat sa braso niya patungo sa kanyang mukha, binuksan niya ang palad nito at sinipat niya ang bills na naroon.

“Two hundred?” manghang turan niya. Did this lady think his car’s cheap?

Nakita niyang nag-blush ang mukha ng babae. Marahas nitong binawi ang kamay at matalim siyang inirapan. “Eh, sa iyan na lang ang cash ko.” At pabulong nitong idinugtong, “Nananantsing lang naman.”

Narinig iyon ni TJ pero hindi siya nakaisip kaagad ng isasagot. Isa pa, nagsalita ang babaeng sa hula niya ay bihirang-bihirang napapanisan ng laway sa dalas nitong magsalita. “I’ll give you my number. Tawagan mo na lang ako. I’m really sorry I have to go. I don’t have time to—”

“Miss, hindi lang ikaw ang nasasayangan ng oras,” putol niya. His eyes wandered on her sleeveless cream blouse at blue blazer na nakapatong sa kandungan nito. “Hindi ako bum. May trabaho rin ako na naaabala.”

Siya ang Executive Vice President for Operations ng *Arc Tech Solutions*; and as a member of the top brass, may meetings siyang kailangang puntahan at mga taong kailangang pamahalaan.

Bago pa ito makakibo o makapalag, umunat ang mahaba niyang braso para abutin ang lock ng kotse. Pagkatapos, binuksan niya ang pinto niyon.

“Wha...?” Naiwang nakaawang ang bibig nito for a couple of seconds. At kung wala lang mas urgent na need, baka ginawan niya na ng paraan ang ‘need to kiss those lips’ na sumulpot sa isip niya.

Inabot ni TJ ang kamay nito para alalayan pababa ng kotse at mahigpit iyong hinawakan para

hindi nito bawiin.

“Bitiwan mo nga ako! Ano ba’ng—”

“Ipakikita ko lang sa ‘yo kung anong damages ang nagawa mo. Baka mamaya singilin kita nang mas malaki kaysa sa dapat babayaran mo lang, di ba?” kaswal na saad niya na para bang matagal na silang magkaibigan. He even flashed his sweetest dimpled smile to her.

Hindi niya alam kung alin ang naging epektibo—kung ang tono niya o ang ngiti. Pero ang mas importante ay napilitan itong bumaba at nagpaakay sa kanya. Iyon ay matapos nitong ipaikot ang eyeballs at bumulong-bulong ng kung anong hindi niya naringgan dahil saka pa lang nito pinatay ang maingay na radio.

He bit a smile at inakay ito palapit sa kotse niya. Parang naglalakad sa beach sa ilalim ng mabituang langit at bilog na buwan ang kilos niya kaya siguro naaasar na napasuklay ang isang kamay nito sa buhok—na mas maiksi pa yata kaysa sa kanya.

Huminto ito at dahil hanggang baliklang niya ito, tiningala siya ng dalaga. “Look, Mister—”

“Call me ‘TJ,’” putol niya.

“Whatever,” she dismissed. “I’m running late for a meeting with my super moody, badmouth American general manager. Can we just do this faster?”

Bilib siya rito, in fairness. She was tensed and annoyed, pero nagawa pa nitong i-describe ang superior at banggitin ang nationalism niyon.

He shrugged. “Okay.”

Ubod-lakas nitong hinila ang kamay mula sa kanya at nagpatiuna sa paglapit sa auto niya. Mabilis ang mga hakbang nito at sinita niya ang sarili kaagad nang matuon ang mga mata niya sa likuran nito at sa maambay na balakang. And then, napansin niya ang suot nitong pencil cut skirt na sa estima niya ay three inches above the knee ang haba.

Nagmadali siyang sundan ito para matakpan niya ang legs nitong bagaman may suot na skintone stockings ay kita pa rin ang magagandang hugis.

“Okay. Nakita ko na,” anito pagkarating na pagkarating sa tabi ng kotse niya. “Sige, I have to go.” Tumalikod ito kaagad at sinimulang taluntunin ang distansya pabalik sa sasakyan nito.

Hindi niya napigilan ang ngiti. Parang contestant ito sa walkathon dahil sa bilis ng hakbang. Dahil malalaki ang biyas niya, naabot niya ang braso ng

babae bago ito makalapit sa *Altis*.

“Ano ba!” Bigla itong umigkas at humarap sa kanya.

Dahil nakayuko siya rito ay nagkatapat ang mga mukha nila, his dark brown eyes met her black pools. Kung nagkataong medyo matangkad ito ng ilang inches pa, magkadikit na malamang ang mga labi nila ngayon. It could’ve been... superb.

She was really pretty. Lalo na sa expression nito ngayon na parang caught off guard.

Marahas itong lumayo at sumakay sa kotse nang may marinig siyang ibang tunog. Na-recognize niyang guitar intro iyon ng isang kanta ng *Decyfer Down*, isang rock band. Kumilos ang isang kamay nitong hindi ginagamit sa paghahagilap ng kung ano sa bag. Inabot nito ang cellphone mula sa dashboard.

Tumaas ang sulok ng labi ni TJ. Hmm... rakista pala ang magandang dilag na ito.

Pinatay nito ang car stereo, ikinabit ang headset at saka sinagot ang tawag. “I’m stuck here in...” Luminga ito, “I met a small accident.”

Habang nakikinig sa sinasabi ng kausap sa kabilang linya, pinandilatan siya nito at ipinakita ang

hawak na calling card; iyon pala ang kanina pa nito kinakapa sa bag gamit ang isang kamay.

Inabot niya iyon. Bago siya makahuma, isinara na nito ang pinto ng kotse at matapos sumenyas sabay mouth ng 'call me' ay itinaas na muli nito ang car window. Kaagad nitong minaneho ang sasakyan paalis. Kung hindi siya nakaatras, muntik pa siyang mahagip ng gulong niyon.

Wala siyang nagawa kundi panoorin ang palayong silver *Toyota Altis*. Tinandaan niya ang plate number niyon.

Iiling-iling na bumalik siya sa sariling sasakyan at pinaandar iyon patungo sa talyer na alam niyang malapit lang. Mukhang magta-taxi na lang siya para makarating sa opisina.

All this trouble dahil sa babaeng iyon.

Yet, hindi mapigil ni TJ ang mapangiti matapos maalala na nasa bulsa lang ng pantalong suot niya ang numero ng estranghera...

2

“Pesteng higante iyon,” Jade muttered; tinutukoy ang mamang nakabanggaan niya kanina.

Mabuti na lang at wala siyang kasakay sa elevator, kung hindi ay baka isipin niyon na naloloka na siya. Pababa siya sa second floor para sa leadership training niya. Nakadaan na siya sa opisina ng general manager sa twenty-fourth floor. Late siya kaysa sa sinabi nitong oras, pero matapos siyang pagalitan ukol sa isa niyang assistant manager na inirereklamo ng isang planholder, sabihang kailangang mabigyan ng suspension ang katrabaho niya at mag-attend ng *Customers Are Always Right Seminar* for three succeeding early mornings bilang parusa, ni-dismiss na siya ng Amerikano.

Nawala ang bagsik nito matapos mapansin ang *Band Aid* na nakatapal sa noo at braso niya. Naisip niya ang dramang iyon kanina habang nagpa-park sa basement ng building. Mabuti na lang at naitabi niya ang plasters na naiwan ng anak ng kanyang pinsan na minsan niyang sinundo mula sa basketball practice nito. Nakabuti ang plasters dahil tila nakonsyensya ang superior.

Sa totoo lang, bihirang-bihirang mapagsabihan siya nito. Parang pinakapaboritong anak ang turing nito sa kanya sa tuwina, kaya nga madalas siyang kainggitan at intrigahin ng mga kasamahan. Marahil uminit lamang ang ulo nito dahil sa nagawa ng manager na nasa ilalim ng supervision niya.

Pinakuha na rin ni Kirk ang kotse niya at pinadala sa casa para maiayos. For the meantime, tiis-tiis muna siya sa pagko-commute. Ibig sabihin, kailangang alas seis na siya gigising sa susunod na mga araw para hindi mahuli sa trabaho.

Pero ang mas nakakainis, dahil late siya kanina nang dumating, kailangan niyang samahan sa pagkaaga-agang training ang assistant sales manager niya. Ganoon kahigpit sa oras ang mga amo nilang Amerikano.

Nakakainis talaga ang higanteng iyon!

Aware ang dalaga na siya ang may kasalanan sa banggaan. Mabilis ang patakbo niya kaya hindi siya kaagad nakapreno nang sumulpot ang batang nakabisikleta. Ngunit kung hindi siguro siya kinausap at pinababa pa sa sasakyan, baka hindi siya ganoon ka-late at makuha niya sa pakiusap si Boss Kirk.

Sa hula niya ay around six-four ang height ng

mamang may-ari ng sasakyang nabangga niya at sa height niyang 5'5", hindi naman siya kaliitan. Kaya lang, malaki ang kaha nito, malapad ang dibdib at mga balikat, toned ang muscles at ang hahaba ng biyas kaya pakiramdam ni Jade ay manyika lang siya na kayang-kaya nitong buhatin at ibalibag sa kung saan.

Ramdam na ramdam niya ang pagiging babae niya dahil sa masculinity ng dating nito na humihiyaw mula sa dulo ng buhok nitong medyo kailangan na ng haircut dahil naka-curl na ang dulong sumayad sa collar ng plaid shirt nito, hanggang sa brown moccasins. Hindi rin nakatulong sa pagkalusaw ng strong façade niya ang baritono nitong tinig, suwabeng amoy, mga matang matiim kung tumingin, strong jaw, matitigas na braso at palad.

Pinagalitan niya ang sarili. *For someone na panay ang sabing hindi interesado sa mga lalaki, you sure noticed a lot of details about that TJ.*

Nakita niyang namilog ang mga mata niya sa reflection sa dingding ng elevator. At naalala pala niya ang pangalang ibinigay nito!

Curious lang, depensa ng isang bahagi ng isip niya na balak yatang kumerengkeng. Hindi ko naman siya type.

Totoo iyon. Ang guwapo kasi para sa kanya ay iyong tipong boy-next-door. At although medyo nagiging boyish ang expression ng lalaking iyon kanina nang ngumiti dahil sumulpot ang dimples sa magkabilang pisngi, hindi niya maikakabit ang salitang iyon sa estranghero. There's just too much testosterone in him. Lalo na noong mahawakan niya ang braso nito na talaga namang—

Stop it, Jade! Pinandilatan niya ang sariling reflection.

Wala siyang paki kahit umaapaw pa ang sex appeal ng lintek na iyon. Wala siyang balak na mag-aksaya ng panahon, atensyon, konsiderasyon, at kunsumisyon sa mga lalaki.

No, hindi siya man-hater. Ang ayaw niya ay iyong aasa siya sa ibang tao. She's too proud, too independent para mangailangan pa ng kung sino para maging masaya. She could be what she wanted to be, reach her dreams and save enough for old age—kahit mag-isa siya.

Nunca na gagaya siya sa ina na parang hindi mabubuhay nang walang boyfriend o asawa. Hindi siya weak—well, not anymore. Hindi nga siya umiyak noong malaman niyang natagpuang wala nang buhay ang tatay niya sa bahay nito. Matapang na siya.

Mabuti na lang at tumunog na ang elevator. Kung hindi pa siya lumabas doon, baka binalikan pa niya sa isip ang pangit na alaala ng lalaking nang-iwan sa kanya matapos siyang tawaging ‘clingy’ at ‘needy’.

Dumerecho siya kaagad sa conference room pagdating sa second floor para sa pulong nila ng kanyang sales staff.

Nakakunot ang noo ni Jade habang nakatutok ang mga mata sa figures na nasa document na naka-display sa LCD monitor ng computer niya nang makarinig ng mga katok sa pinto ng office niya.

“Come in,” aniyang hindi inaalis ang tingin sa screen.

“Jade, hindi ka pa ba uuwi?” anang tinig ni Gale, ang secretary niya.

She smiled at her. “Mayamaya pa siguro. Tatapusin ko lang ito.” Itinuro niya ang screen ng computer.

“Hindi na kita masasamahan dito. Alam mo naman....”

“Oh, go ahead. Don’t mind me. Malapit lang ang bahay ko kaya no problem,” kaagad na sagot niya.

Sa Antipolo pa ang bahay nito at magko-commute lamang. Bukod doon pamilyado ito kaya hindi talaga maaaring magpagabi ng uwi.

“Salamat. Ikaw ba, hindi pa talaga uuwi?” Bakas ang concern sa mukha nito. Ganoon ito sa lahat ng katrabaho, sobrang maalalahanin. At dahil siya ang inaasistehan nito, siya ang paborito nitong i-spoil. “Mukhang hindi ka na natutulog matapos lang ang libro, ah. Baka yumaman ka niyan masyado.”

Napatawa siya. “As if ang laki-laki ng ibabayad sa akin ng *Reliance*. Alam mo naman kung gaano kakuripot si Boss Kirk.” Napangiti rin ito. “Saka hindi ito sa libro. Files ito ng SA’s sa QC branch.”

“Hay naku, Jade! Paano ka ba makakapag-asawa niyan, buong mundo mo yata dito lang sa *Reliance* umiikot,” biro nito.

Here we go again... naisip ni Jade. Kadadalo lang niya ng kasal ng kaibigan sa Pampanga. At dahil siya ang naiwang single sa mga kaedad nila, hot seat kahit saang bangko siya maupo. Nakukulili ang tainga niya dahil wala siyang narinig kundi mga pag-uusisa kung kailan siya mag-aasawa, bakit parang wala siyang interes magkapamilya, kahit man lang daw ba boyfriend ay wala siya, bakit daw hindi siya mamili sa mga manliligaw niya... at marami pang

iba. Siyempre ang kasunod niyon ay mga sermon mula sa mga tiyahin at lola ng kaibigan.

Gustung-gusto niyang mapikon at makipag-argumento. Napakalaking enigma ba na sa panahon ngayon ay may mga babaeng may mindset na katulad ng sa kanya? Sa hirap ng buhay, lahat na mahal. Mahal magpakasal, magrenta ng bahay, kuryente, magbuntis, magpagatas, magpaaral, magpalaki ng anak. Kahit nga mamatay ang isang tao, mahal pa rin ang pagpapalibing.

Pero alam niyang matatalo lang siya dahil parang buong angkan ang makakadebate niya kung sakali. Inisip na lang niyang ‘EGR clients’ ang mga ito—*Extra Grace Required Clients*. Kahit ano ang gawin niyang sales talk, kahit mag-hard selling pa siya, hindi ‘bibilhin’ ng mga ito ang paniniwala niya ukol sa marriage at relationship. Ganoon talaga, may mga deals na nako-close at may hindi para sa kanya. Parang iyong huli ang mga kamag-anak ng best friend niya.

“Mag-aasawa na ako, malapit na,” sagot niya sa assistant para lang huwag na itong mangulit at tantanan na ang paksang iyon.

“Talaga? Kailan?” Bakas ang saya sa mukha ng babaeng itinuturing na niyang nakatatandang

kapatid.

“Pag niligawan ako ni Jensen Ackles,” tukoy niya sa American actor na alam niyang crush na crush nito.

“Hmph! Makauwi na nga!” Nalukot ang mukha ni Gale na ikinatawa niya.

“Sige, see you na lang tomorrow. I-hello mo ako kay Missy ah,” tukoy niya sa bunso nito na pagkaganda-ganda at bibong-bibo kaya naman paborito niyang hiramín.

“Mag-asawa ka na kasi para may katulong ka sa paggawa ng sarili mong Missy,” anito nang bigyan siya ng beso. “Goodbye na.”

“Bye, Gale.”

Napailing siya habang nakangiti kahit nang makaalis na ang katrabaho. Kung gugustuhin niya, puwede siyang magkaanak kahit walang tatay... maaari ring sagutin niya ang isa sa mga manliligaw niyang natira matapos niyang i-intimidate ang iba, pagkatapos mag-aasawa na siya. Puwede iyon. Kung gusto niya. Kaso nga, ayaw pa niya.

Minabuti niyang alisin na sa isip ang paksang iyon at i-shift sa working mode ang utak.

Listahan ng sales agents ng isa sa mga

pinakamalaking branches sa area niya ang pinag-aaralan niya. Kalagitnaan na ng buwan pero iilan pa lamang ang naka-quota sa mga ito.

Hinagilap niya ang cellphone na palaging nasa bulsa niya at akmang tatawagan ang manager sa branch na pinanggalingan ng files nang biglang mag-ring ang aparato. Nabigla na napindot niya ang ‘answer call’ button.

“Hello, Miss Fernandez.”

Nakilala niya ang tinig. “Oh!” bulalas niya, kasabay ng naging pamilyar nang pagkabog ng dibdib niya kada maririnig ang boses nito.

Sa nakalipas na dalawang araw, tatlong beses isang araw yata itong tumatawag, kung hindi sa cellphone niya ay sa opisina. Pero dahil palaging wrong timing, hindi niya makausap nang maayos. Hindi rin niya matupad-tupad ang pangako niyang mag-re-return call dito.

Napalingon siya sa desk calendar, tatlong araw na mula noong makabangga siya pero hanggang ngayon, hindi pa niya nababayaran ang damage sa kotse nitong nabangga niya.

“My gosh, I’m sorry,” mahinang-mahina ang tinig na tugon niya. “Hindi ko sinasadyang gawin ‘to sa

'yo. Masyado lang kasi akong busy. Pero hindi kita tinataguan, I swear.”

He chuckled. “It’s okay, Miss Fernandez. Wala naman sa hitsura mo ang ganoon kaya hindi ko ’yun iisipin. But... do you think you can squeeze meeting up with me in your schedule tomorrow?”

She closed her eyes. Buwisit na lalaki, bakit ba pati boses nito, guwapo at manly ang dating? Lintsak, nasisira ang poise niya. “S-sandali, ah. Let me check.” Napamasahe siya sa sentido dahil biglang tumindi ang kanina ay mahina at natitiis pa niyang sakit ng ulo. Hindi siya sigurado kung ang guwapong boses ang nag-trigger ng paglala ng headache niya o ang planner niyang puno ng activities hanggang next week. “Oh.”

“Hindi pa rin puwede?”

Napakagat siya sa isang daliri sa nerbyos. “Uhm... eh, kung ibigay mo na lang kaya sa akin ang account number mo at ipapa-deposit ko na lang kung magkano man ang kailangan kong bayaran?” Hiyang-hiya na siya sa binata.

Matagal itong natahimik. “Where are you now?”

Napakunot-noo siya. “Nasa office.”

“What!” bulalalas nito. “Mag-a-alas ocho na, ah.”

“I’m on OT.”

Napapalatak si TJ. “Puwede ba akong mag-drop by diyan ngayon?”

“Ha? Bakit?” untag niya. “Hindi ba puwedeng i-deposit ko na lang?”

“Ma’am, I need to talk to you personally. Don’t worry, I won’t take much of your time.” Medyo tumigas ang tono ng lalaki at napahiya siya pagkaalala sa mga sinabi niya noong umagang iyon na nagkakilala sila. Para nga namang hindi ma-reach na VIP kung umasta siya noon.

Napapikit siya at napamasahe sa anit nang maramdaman muli ang daluhong ng sakit ng ulo.

“Miss Fernandez?”

“O-okay,” sabi na lang niya. “Ano nga’ng full name mo para maibilin ko sa guard?”

“TJ Arcaraz,” anito, bakas ang saya sa tono.

“Okay, TJ Arcaraz. See you later.” Pinindot na niya ang ‘end call’ button at saka sumubsob sa mga braso.

Parang binibiyak sa sakit ang isang panig ng ulo

ni Jade. She opened her drawers at naghanap ng mefenamic acid. Wala nang laman ang botelyang naroon. Porque matagal na siyang hindi inatake ng migraine, hindi niya tuloy napansing wala na siyang supplies niyon—o baka napansin na niya noon, nalimutan lang niyang bumili.

Ilang sandali siyang pumikit at sumubsob lang sa braso sa desk habang umuusal ng maiksing panalangin. Nang sa tingin niya ay kaya na niya, pinilit niyang tumayo patungo sa banyo at binuksan ang medicine cabinet. Pero sa malas, paracetamol lamang ang naroon at mababa pa ang dosage. Alam ni Jade, inumin man niya iyon, hindi pa rin mawawala ang sakit ng ulo niya.

Nakakapit siya sa dingding habang palapit sa desk niya. Balak niyang tumawag ng guard para makisuyong bilhan siya ng gamot. Dadalawang hakbang pa lang yata ang nagagawa niya nang biglang parang umikot ang paligid niya. Idinikit niya ang noo sa dingding at mahigpit na ikinapit ang mga kamay roon kahit parang nanginginig ang mga kalamnan niya.

Then she heard knocks on the door.

3

Kahit hilung-hilo, pinilit ni Jade na sumagot sa sinumang kumatok sa pinto, “C-come in.”

Bumukas ang pinto at iniluwa ang isang pagkatangkad-tangkad na lalaki.

“Good evening.” His smile made her heart beat faster at sa dibdib niya na sana ililipat ang isang kamay kung hindi lang siya nanlalata. Kinalimutan na rin niya ang tanong sa isip kung bakit ang bilis nitong nakarating doon sa opisina niya.

Nawala ang ngiti ni TJ nang mapansin ang hitsura niya. “Hey, are you all right?” Mabilis itong nakalapit at bago pa siya makatanggi, hawak na siya nito.

Parang babagsak siya sa carpeted floor kapag bumitiw siya rito kaya ikinapit niya ang mga kamay sa mga braso nito at isinubsob sa dibdib nito ang mukha. Kung wala ang pakiramdam na iyon na parang may jackhammer sa utak niya, baka na-enjoy niya ang mainit nitong yakap, ang matitigas na kalamnan at ang suwabeng pabango nito.

“Hey, Jade,” yuko nito sa kanya, “huwag

mo naman akong takutin. Tell me kung ano'ng nangyayari.”

“J-just migraine. Do me a favor please.” Bakas sa mukha nito ang pag-aalala nang tingalain niya. “Please call the guards’ number, nakasulat d’un sa phone book ‘yung number. Pabibilhin ko lang ng mefenamic acid.”

Sa gulat niya, mabilis pero marahan siya nitong minaniobra and on the next second, he was carrying her toward the settee. Maingat siya nitong ibinabaron. Kinuha pa nito ang isang throw pillow para ilagay sa ilalim ng ulo niya. Naramdaman niya ang daliri nito na mabining nagpalis ng ilang hibla ng buhok niyang tumabing sa kanyang mukha. Pagkatapos, dinamang nito ang noo niya bago siya iniwan.

Dahil nahihilo siya kapag nakadilat, pinanatili niyang nakapikit ang mga mata kahit pa nga gustung-gusto niyang makita si TJ. Naulinigan niyang kinausap nito ang guard sa telepono. Pagkatapos, naramdaman niyang nasa malapit lang ito muli. He took her hand in one, habang ang kabilang palad ay ginamit nito para hapusin ang mukha niyang pinapawisan na nang malamig.

“Sinabi ko na sa guard ang bilin mo at dumerecho

na siya sa drugstore. Pag-akyat niya, dala na niya ang gamot,” anito.

“Thank you,” aniya bagaman hirap magsalita. “Pakiabot na lang ang bag ko.” Mayamaya lamang ay nasa kandungan na niya iyon. Kinapa niya ng isang kamay ang wallet niya. Nang madampot iyon, she fished out for bills at inabot sa lalaki. “I’m not sure pero ang alam ko, may three thousand pa ito. Here, take it. ’Tapos puwede mo na akong iwan. Pasensya na sa ab—”

Inabot nito ang kamay niyang may hawak na bills at ibinaba iyon. “Later, Lady. Later,” anito. “Gusto mo ng tubig?” sa halip ay tanong nito.

Tumango siya. Ibinalik niya sa bag ang pera at ibinaba iyon sa sahi. Ilang sandali ay tinutulungan na siya ni TJ na bumangon para makainom ng tubig hanggang sa bumalik siya sa pagkakahiga.

“Okay na ako. Salamat nang marami. Sige na, baka kailangan mo nang umuwi—”

“Huwag ako ang isipin mo.” Napansin yata ang pangangatal niya, tinanong nito, “You want me to turn the AC off?”

“I’m fine. Sige na, TJ. I can take it from here.”

Hindi siya sanay sa ganito na pinagsisilbihan... inaalagaan. And being the proud woman that she is, hindi rin niya gustong magkaroon ng masyadong malaking utang-na-loob sa isang estranghero. O kahit ang makita siya nito in a moment of weakness. Pero...

“Kahit anong oras naman akong umuwi, puwede. Wala akong asawa o anak na pag-aalalahanin. And this is not a bother really, so just let me stay here and help you.”

Naramdaman niya ang mainit-init na telang pumatong sa kanya. Hinigit niya iyon hanggang sa maisubsob niya ang mukha sa malambot at mabangong tela. She knew then, it was TJ's jacket.

Tila normal lamang ang araw na iyon para kay Jade. As usual, busy siya sa paglilibot sa sales room habang inoobsorbahan ang kanyang mga sales agents or SAs na nagsisipag-present ng kanilang pre-need plans sa mga kliyenteng naroon.

Bagaman alam niyang competent ang mga ito at self-motivated, hindi niya kailanman nakasanayan na maupo lamang sa kanyang swivel chair sa loob ng kanyang opisina. She wanted to see how they apply the principles she taught them in action.

Ngunit kaiba sa ibang araw, magaang ang pakiramdam niya. Wala ang ever-present stress na nanalaytay na yata sa mga ugat niya mula noong una siyang mapasok sa *Reliance*. She felt somehow rejuvenated dahil nakatulog siya nang mahabang habang oras nang nakaraang gabi. At hindi niya aaminin sa kahit kanino, she slept with a smile pasted on her lips.

Bumalik sa alaala niya ang mga nangyari nang nagdaang gabi. Kahit ano ang ginawa niyang pagtaboy kay TJ at i-assure na kaya niyang mag-isa, hindi siya nito iniwan. Kahit nang matapos siya nitong painumin ng gamot at halos subuan ng cup noodles na kasama nitong pinabili kay Mang Ben, ang guard nila. Napansin umano nito ang styropor ng lunch niya na halos walang bawas kaya nahulaan nitong pulos kape lamang ang laman ng sikmura niya. Nagpilit itong ihatid siya sa unit niya pagkatapos kahit anong tanggi ang gawin niya. Para hindi siya makatulog at maibigay rito ang tamang direksyon patungo sa condo unit na inuupahan niya, pinagkuwento niya ito. She had learned that he works with a computer company as troubleshooter. Naalala niyang napangiti siya noon.

“Very geeky, ah,” komento pa niya.

He chuckled at sinaway niya ang sarili sa kung anong naramdaman dahil doon. "Guilty as charged."

Bago pa niya napigil ang sarili ay nasabi na niya, "Pero hindi naman halata." It was a good thing na hindi niya naidugtong na he looked pretty buff for a geek.

"I hope that meant a good thing."

She suppressed a smile. Kung alam lang nito...

Pero dala marahil ng pagod, napaidlip si Jade habang nagbibiyaha. Nang muli siyang magising, nasa harap na sila ng condominium building na nabanggit niyang tinitirhan niya. Muli niyang ipinaalala ang tungkol sa damage sa kotse nito nang nasa tapat na sila ng unit niya.

"Okay lang. Ayos na 'yung kotse at naibalik ko na sa tatay ko." Naramdaman niya ang pag-iinit ng pisngi sa hiya rito. "Hindi naman paniningil ang reason kung bakit ako nangungulit sa telepono. I just wanted to see you again."

Wala siyang nasabi. Kung dahil sa gulat o anopaman, hindi niya sigurado.

Mahinang pinisil nito ang baba niya. "Pahinga ka na." Tumalikod ito at iniwan siya sa tapat ng pinto ng unit niya—touched by his kindness and feeling elated.

Nang mapatingin si Jade sa salaming dingding ng cashier booth, natigilan siya at nagbalik sa kasalukuyan ang isip. Mukhang teenager na nakaalala sa crush nito ang hitsura ng reflection niya. Ganoon din halos ang reaction niya noong unang magpahayag ng damdamin si Timothy sa kanya.

At the memory of her ex-boyfriend, dagling nawala ang ngiti niya at ang kislap ng mata. Naging pormal ang mukha niya.

No, hindi maaaring maulit ang nangyaring iyon.

Dahil sa pagkaka-renew ng vow niyang iyon sa sarili years ago, pinigil niya ang excitement nang marinig ang pagtawag ni Gale sa kanya at sabihing isang TJ Arcaraz ang nasa linya ng telepono sa office niya.

“Hello,” bati niya pagkahawak sa landline phone.

“Feeling better?” His voice sounded so manly and might have turned other girls giggling upon hearing it. But she was adamant in fighting her attraction for him, kaya ni hindi siya ngumiti.

“Yes, I do. Thank you so much,” gayunpaman ay sincere na tugon niya.

“You’re welcome. You sounded more relaxed

na nga.” He chuckled and she felt a big part of the ice around her heart melted. He just sounded so male. “Alam mo bang kahit tulog ka, nakakunot ang noo mo? Parang hanggang panaginip, dala mo ang pressures sa work mo, ah.”

Napakurap siya. Pinanood ba talaga siya nitong matulog?

“Ang aga mo palang pumasok diyan,” anito nang hindi siya sumagot. “Dumaan ako kanina sa unit mo around seven thirty, pero sabi n’ung guard ay nakaalis ka na raw.”

“Pumunta ka sa bahay?” gulat na saad niya.

“Ah, yes.” He let out a laugh which sounded nervous. “I was hoping fate would reward me of having breakfast with you after... after last night.”

“Maaga akong umalis to compensate for the hours I wasted last night. Saka hindi ako nag-aalmusal,” wala sa loob na pagbibigay-alam niya.

Napapalatak ito. “Woman, you are workaholic,” saad nito. “You’re considering resting as wasting time? Huhulaan ko, hindi ka mapalagay kapag dumadaan ang oras na hindi ka nagtatrabaho, tama ba ako?”

Kung iba siguro ang nagsabi niyon, baka

nakipagdebate na si Jade. But TJ's tone was not condescending, but more of gentle and caring.

“And haven't you heard breakfast is the most important meal of the day? Nas'an ba ang boyfriend mo at parang hindi ka naman inaalagaan?” tanong nito. Bago niya masabing wala siyang nobyo at ayaw na niyang pumasok sa ganoong relasyon, idinugtong nito, “Kung ako ang boyfriend mo, hindi ako papayag na aabusuhin mo nang ganyan ang sarili mo.”

She suddenly felt defensive. “Buti na lang pala at hindi ikaw ang boyfriend ko, kokontrolin mo lang pala ako.”

“That's not controlling, Jade. That's caring,” pagtatama ng binata.

Pinaikot niya ang eyeballs. Noon naman may nag-warning knock sa pinto. Sumilip si Gale para i-mouth na canceled na ang lunch appointment niya with a client ngayong araw. Ang galing nga naman ng timing ng pagkakataon...

Tumango siya sa sekretarya at muli na nitong isinara ang pinto.

“Okay, fine. So what do you say, I let fate reward you with a lunch with me today instead?”

Narinig niya ang tawa ni TJ at masarap iyon sa tainga. “You’re making me feel inadequate. Ako dapat ang mang-iimbata ng date, di ba?”

“Well, Mister, in case nalimutan mo, may I remind you na twenty-first century na po at maraming beses nang napatunayan na kaya nang gawin ng mga babae ang kahit anong kaya ng lalaki.” Gusto pa sana niyang linawin na hindi date iyon kundi paraan lamang niya para makabawi sa kanyang mga atraso rito at magbayad ng utang-na-loob. Pero sumagot kaagad ang lalaki kaya nawalan siya ng pagkakataon.

“Is it just my imagination o hinahamon mo talaga ako ng debate tungkol sa gender equality?” Nahimigan niya ang pagbibiro sa tono nito. “But in this case, I guess I’ll pass. Ayokong makipagtalo sa babaeng manlilibre sa akin ng lunch. Sayang din ang matitipid ko. Pang-gas din ’yun.”

Natawa siya bago pa niya napigil ang sarili.

“Goodness, Jade, ang sarap sa tainga ng tawa mo.” Bahagyang naging mababa ang tono nito.

Natigilan siya dahil sa kung anong pakiramdam na biglang nagpainit sa kanyang buong mukha. Parang nanayo rin ang balahibo niya sa batok dahil sa boses nito.

“It’s almost eleven thirty. Okay lang kung pupunta na ako diyan ngayon?” tanong nito.

“Sure.” Iniisip niya, ituturing na lang niyang isang prospective client si TJ para hindi ma-guilty sa oras na hindi niya ipagtatrabaho.

“Perfect,” sagot nito. “I’ll see you in a flash.”

Jade never expected that he meant ‘flash’ when he said it. Ni hindi pa man siya nakakatayo mula sa swivel chair na inupuan niya habang kausap ito sa telepono, kumatok na si Gale sa pinto niya para inanunsyo ang pagdating ng bisita niya.

Kumikislap ang mga mata ng executive assistant nang pumasok sa office niya at muling isara ang pinto niyon.

“Jade!” kinikilig na bulalas nito. “Si Sammy nasa labas, hinahanap ka!”

Kumunot ang noo niya. “Sammy?” Bukambibig nito ang pangalang iyon dahil fan ito ng *Supernatural*, isang American TV series pero... iyon nga bang character doon ang sinasabi nito?

“Dyuskupu, ka-hunky ng mamang naghihintay sa ‘yo sa lobby! Parang Jared Padalecki ang dating. Ang yummy!”

Ayun. Na-gets niya rin. She was talking about TJ, ang tall, dark and handsome niyang bisita.

Napangiti siya. “Akala ko ba si Dean ang love mo?” tukoy niya sa character ni Jensen Ackles na kapatid ni Sam sa series.

“Oo naman,” turan nito. “But I adore his brother too. Susme! Sa braso pa lang n’un, tumutulo na laway ko, eh.”

Napatawa siya. “Pervert!” tukso niya.

“At ang mamang nand’un sa lobby, super tangkad at super guwapo. Parang gusto kong himatayin n’ung makaharap ko. No wonder, windang lahat ng receptionists sa lobby,” halos hindi humihingang lahad nito. “So ano, papasukin ko na si Sammy?”

“Ah, wait!” Hindi niya napansing medyo nataranta siya sa tanong nito. “Puntahan ko na lang—ah, teka... Oh, sige na nga, send him in. Papasok lang ako sa CR.”

Nagmamadaling dumerecho siya sa banyo, bitbit ang pouch bag niya. Naiwan naman si Gale na lumapad ang ngiti.